PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 18 JUNE 22 - 29, 2026 P15.00

PAPER.Ph
Prime Alliance of Publishers, Editors, and Reporters (Ph) Inc.
Est. 2019

# Mga Lokal na Pamahalaan sa Tarlac, Kinilala sa Pagpapakita ng Mabuting Pamamahala



Tarlac City, Tarlac, Philippines — June 2026 — Pinarangalan ng Department of the Interior and Local Government (DILG) Tarlac ang iba't ibang Local Government Units (LGUs) at mga katuwang na ahensya sa ginanap na Awarding Ceremony noong June 16, 2026 sa Old SP Hall, Tarlac Capitol.

Layunin ng programa na kilalanin ang mga natatanging tagumpay ng mga lokal na pamahalaan sa larangan ng mabuting pamamahala, maayos na pangangasiwa ng pananalapi, at mahusay na paghahatid ng serbisyong panlipunan sa buong lalawigan ng Tarlac.

Dumalo sa nasabing pagtitipon si Christian Yap kasama ang mga alkalde mula sa iba't ibang bayan at lungsod, mga Local Government Operations Officers (C/MLGOOs), at mga Social Welfare and Development Officers (C/MSWDOs).

Isa sa mga pangunahing tampok ng programa ang paggawad ng Child-Friendly Local Gov-

*Sundan sa pahina 5*

# ARMOR DIVISION, IPINAKITA ANG KAKAYAHAN SA STATIC DISPLAY NG IKA – 128 ARAW NG KALAYAAN



CAMP O'DONNELL, Capas, Tarlac - Nakibahagi ang Armor (Pambato) Division ng Philippine Army sa dalawang araw na Static and Kinetic Display na isinagawa ng Headquarters Philippine Army katuwang ang National Historical Commission of the Philippines bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-128 Anibersaryo ng Pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas.

Idinaos ang nasabing aktibidad noong June 6 hanggang 7, 2026 sa Rizal Park, Maynila na may temang "Kalayaan, Kinabukasan, Kasaysayan." Layunin nitong ipakita sa publiko ang mga kakayahan at kahandaan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas sa pagpapanatili ng kapayapaan, seguridad, at integridad ng teritoryo ng bansa.

Sa itinayong booth ng Armor Division, tampok ang mga detalyadong scale models ng mga armored assets ng yunit na nagsilbing daan upang mas maunawaan ng mga bisita ang mahalagang papel nito sa pagpapal-

*Sundan sa pahina 4*

# BPIA at mga Partner sa Turismo, Naglatag ng Estratehiya para sa Patuloy na Paglago ng Bohol



PRESS RELEASE I BPIA BOHOL, PHILIPPINES — Recognizing the growing impact of geopolitical tensions in the Middle East on global aviation and tourism, Aboitiz Infracapital Bohol Airport Corporation (ABAC), the operator of Bohol-Panglao International Airport (BPIA) under Aboitiz InfraCapital Airports, convened the Strategic Tourism Dialogue on June 15, 2026, bringing together leaders from the hospitality, travel, tourism, and aviation sectors to develop a unified response to emerging industry challenges. Hosted at Best Western Plus The Ivywall Resort Panglao, the dialogue served as a collaborative platform for government agencies and private sector stakeholders to discuss the implications of volatile fuel supply conditions, rising operational costs, and shifting travel demand—all of which influence airline economics, airfare pricing, and destination competitiveness. "As an island destination, tourism is the lifeblood of Bohol's economy. Global events may be beyond our control, but how we respond is entirely within our hands," said Aldwin Uy, General Manager of Bohol-Panglao International Airport. "Our priority is to work alongside our tourism and air-

*Sundan sa pahina 5*

# PGC expands community health services to Brgy. Navarro, Gentri



The Provincial Government of Cavite successfully conducted a Medical and Dental Mission on June 17, at Brgy. Navarro, General Trias City, benefiting hundreds of residents through free healthcare services.

A total of 658 patients availed of the services provided during the outreach activity, including 550 medical consultations, 47 dental procedures, 59 fasting blood sugar (FBS) tests, and 2 electro-cardiogram (ECG) procedures.

Medical consultations and ECG services were provided by the General Emilio Aguinaldo Memo-rial Hospital (GEAMH) team while dental consultations and tooth extractions were conducted by the Rural Health Unit (RHU) of General Trias City. In addition, personnel from the Office of the Provincial Governor (OPG) facilitated FBS testing and distributed

*Sundan sa pahina 2*

# Cavite Career Caravan sa Noveleta Town Plaza Nagbukas ng Libu-libong Oportunidad sa Trabaho




NOVELETA, Cavite — Hunyo 2026 — Matagumpay na isinagawa ang Cavite Career Caravan sa Noveleta Town Plaza sa pamamagitan ng pagtutulungan ng Office of the Provincial Public Employment Service Manager (OPPESM) sa pamumuno ni Ms. Rizalie Pinpin-Enero at ng Pamahalaang Bayan ng Noveleta sa pangunguna ni Mayor Denver Reyes-Chua.

Layunin ng nasabing programa na mailapit ang mga

*Sundan sa pahina 4*




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 18 JUNE 22 - 29, 2026 P15.00

# Limang Pangunahing Panukalang Batas, Isinusulong ni Rep. Aniela Tolentino

CAVITE—Patuloy na isinusulong ni Cavite 8th District Representative Aniela Tolentino ang iba't ibang panukalang batas na naglalayong mapabuti ang kalagayan ng mga Pilipino, kasabay ng kanyang patuloy na paglilingkod sa mga mamamayan ng Ikawalong Distrito ng Cavite.

Ayon sa ulat, limang pangunahing panukalang batas ang inihain ni Tolentino sa Kongreso, kung saan ilan dito ay siya mismo ang principal author. Ang mga panukalang ito ay nakatuon sa pabahay, kapakanan ng mga manggagawa, benepisyo ng mga opisyal ng barangay, at serbisyong pangkalusugan para sa mga guro.

Isa sa mga isinusulong na panukala ay ang House Bill No. 03636 o Rental Subsidy Program. Layunin nitong magbigay ng tulong pinansyal sa mga informal settler families habang naghihintay ng kanilang relokasyon sa mas maayos na tirahan.

Principal author din si Tolentino ng House Bill No. 00959 o Incentives for Barangay Officials and Workers. Nakatuon ang panukalang ito sa pagbibigay ng karagdagang benepisyo at insentibo sa mga opisyal ng barangay, barangay tanod, at mga miyembro ng lupon bilang pagkilala sa kanilang

*Sundan sa pahina 3*


Representative Aniela Tolentino

# Mayor Archangelo "SM" Matro Personally Delivers Octa Nona Cash Incentives to Senior Citizens in ulugan and Daang Amaya Barangays



TANZA, Cavite — Patuloy ang pagpapakita ng malasakit sa mga nakatatanda matapos personal na ihatid ni Mayor Archangelo "SM" Matro ang Octa Nona Cash Incentives para sa mga senior citizens sa iba't ibang barangay ng bayan noong Hunyo 18, 2026.

Isinagawa ang pamamahagi sa mga Barangay Julugan 1, Julugan 5, Julugan 6, Julugan 7, at Barangay Daang Amaya 3, kung saan libo-libong senior citizens ang nakatanggap ng tulong-pinansyal bilang bahagi ng tuloy-tuloy na programa ng lokal na pamahalaan para sa sektor ng nakatatanda.

Kasama ni Mayor Matro sa aktibidad sina Konsehal Kap. Anet Bocalan at Kuya Karl Velasco, na nakiisa sa paghahatid ng serbisyo at personal na pakikipag-ugnayan sa mga benepisyaryo. Ang kanilang presensya ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng sama-samang pagsisikap ng lokal na pamahalaan upang matiyak na ang mga programa

*Sundan sa pahina 3*

# SP Cayetano kinuwestiyon ang kredibilidad ng NBI at timing ng umano'y banta sa Senado



MANILA, Philippines — Kinuwestiyon ni Senate President Alan Peter Cayetano nitong Martes ang kredibilidad, paraan ng paghawak, at timing ng impormasyong umano'y nagmula sa National Bureau of Investigation (NBI) kaugnay ng isang banta laban sa Senado. Babala ni Cayetano, hindi dapat gamitin ang usapin ng seguridad para sa pulitika. Sa isang pahayag, sinabi ni Cayetano na kung may lehi-

*Sundan sa pahina 4*

# CARD Nation Honors Fathers on Father's

In celebration of Father's Day 2026, CARD Nation paid tribute to fathers and father figures for their unwavering dedication, hard work, and sacrifices for their families and communities.

Through a heartfelt Father's Day message shared on social media, CARD Nation expressed gratitude to fathers who continuously serve as providers, protectors, and sources of strength for their loved ones. The organization recognized the vital role fathers play not only within their households but also in building stronger and more resilient communities.

"Salamat sa inyong sipag, tiyaga, at sa pagiging laging nandiyan para sa komu-

*Sundan sa pahina 4*




# MPTC Promotes Responsible Driving Through Mission Road Safety BiyaHero Caravan

Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), together with its subsidiaries NLEX Corporation and MPT South, reinforced its commitment to safer roads by bringing together national government agencies, local government units, transport groups, and private sector partners for the "Mission Road Safety BiyaHero Caravan." The program aims to enhance the practical skills, safety alertness, and responsible driving culture of drivers and operators.

Held at One Ayala in Makati City and Victory Plaza in Caloocan City, the caravan brought together 284 jeepney, UV express, and bus drivers from 42 transport organizations and companies for learning sessions and interactive activities focused on road safety.

"At MPTC, safety remains at the core of everything we do. Through programs like the BiyaHero Road Safety Caravan, we aim to further equip drivers with the knowledge they need to make safer decisions on the road. While protocols and systems are in place to enhance road safety, achieving safer

*Sundan sa pahina 5*

ACCEPTING ADS - 09975232302 / 0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# HEALTH TIPS

## Lemon water at calamansi water para sa iyo

Ang lemon at calamansi ay mga prutas na mayaman sa Vitamin C at fiber na mahalaga para sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan. Ang Vitamin C ay isang makapangyarihang antioxidant na tumutulong sa pagprotekta ng mga selula laban sa pinsalang dulot ng free radicals. Dahil dito, nakatutulong ito sa pagpapanatili ng malusog na balat, malinaw na paningin, at maayos na paggana ng puso. Bukod pa rito, sinusuportahan din ng Vitamin C ang immune system kaya maaaring makatulong ito sa paglaban sa mga karaniwang sakit tulad ng sipon, lagnat, at iba pang impeksiyon. Mahalaga rin ito sa pagpapanatiling malusog ng gilagid at ngipin dahil tumutulong ito sa pagbuo at pagkukumpuni ng mga tisyu sa katawan.

Ang mga citrus fruits gaya ng lemon, calamansi, dalandan, orange, at suha ay kilala sa kanilang mataas na taglay na Vitamin C. Ang sustansyang ito ay may mahalagang papel sa pagtulong sa katawan na ma-absorb nang maayos ang iron mula sa pagkain. Kapag sapat ang iron na naa-absorb ng katawan, mas nakagagawa ito ng hemoglobin na responsable sa pagdadala ng oxygen sa iba't ibang bahagi ng katawan. Dahil dito, nababawasan ang panganib na magkaroon ng anemia o kakulangan sa dugo. Ang regular na pagkain o pag-inom ng mga citrus fruits ay maaaring makatulong sa pagpapanatili ng sapat na enerhiya at pag-iwas sa panghihina na dulot ng kakulangan sa iron.

Bagama't wala pang sapat na siyentipikong ebidensiya upang patunayan na direktang nakapagpapapayat ang lemon, may ilang pag-aaral na nagpapakita na maaari itong makatulong sa pagkontrol ng timbang. Ang pag-inom ng lemon water bago kumain ay maaaring magbigay ng pakiramdam ng pagkabusog, kaya nababawasan ang dami ng pagkain na nakokonsumo. Dahil dito, posibleng makatulong ito sa pagbabawas ng kabuuang calorie intake sa araw-araw. Bukod dito, ang pagpapalit ng matatamis na inumin ng lemon water ay maaaring maging mas malusog na alternatibo para sa mga taong nais magbawas ng timbang o mapanatili ang tamang pangangatawan.

Ang regular na pag-inom ng lemon water ay nakatutulong din sa pagpapanatiling sapat ang tubig sa katawan. Ang wastong hydration ay mahalaga upang gumana nang maayos ang iba't ibang bahagi ng katawan, kabilang ang balat, bato, at sistemang panunaw. Kapag sapat ang tubig na iniinom, mas nagiging malusog at masigla ang balat at nababawasan ang posibilidad na ito ay maging tuyo at madaling kulubot. Nakakatulong din ang pag-inom ng maraming tubig sa pag-alis ng mga dumi at sobrang mineral sa katawan. Dahil dito, maaaring mabawasan ang panganib ng pagbuo ng kidney stones o mga batong nabubuo sa bato na maaaring magdulot ng pananakit at iba pang komplikasyon.

Bagama't maraming benepisyo ang lemon water, mahalaga pa ring gamitin ito nang tama at may pag-iingat. Ang sobrang asim o sobrang konsentradong lemon water ay maaaring makairita sa sikmura, lalo na sa mga taong may ulcer, hyperacidity, o iba pang kondisyon sa tiyan. Maaari rin nitong masira ang enamel ng ngipin kapag madalas na nalalantad ang mga ngipin sa mataas na antas ng asido. Upang mabawasan ang panganib na ito, mas mabuting gumamit ng tamang dami ng lemon at banlawan ang bibig ng tubig pagkatapos uminom. Maaari ring gumamit ng straw upang mabawasan ang direktang pagdikit ng asido sa mga ngipin.

Isang simpleng paraan upang makagawa ng lemon water ay ang paghahalo ng katas ng isang buong lemon sa isang litro ng malinis na tubig. Ang timplang ito ay sapat upang makuha ang lasa at ilang sustansya ng lemon nang hindi masyadong matapang ang asim nito. Maaari itong inumin anumang oras sa maghapon bilang alternatibo sa matatamis na inumin. Maaari ring lagyan ng kaunting yelo upang maging mas nakapapawi at nakare-refresh, lalo na sa mainit na panahon. Sa wastong dami at regular na pag-inom, ang lemon water ay maaaring maging bahagi ng isang malusog at balanseng pamumuhay. Ang pagsasama nito sa tamang pagkain, regular na ehersisyo, at sapat na pahinga ay makatutulong upang mapanatili ang pangkalahatang kalusugan at kagalingan ng katawan.

## Opinion:

## Seeking Justice Without Sacrificing Humanity

*As an Ateneo alumnus and faculty member, I share the community's grief over the tragic loss of Rene Baterbonia and Divine Adili. We are all united in the demand for accountability, and like many, I believe those liable—and the institution—must face the consequences once the facts are fully established through formal investigation.*

*However, as we wait for the truth, we must resist the current climate of reckless speculation and online vitriol. Justice built on conspiracy theories is no justice at all.*

*What troubles me most is the misplaced hatred directed at the surviving teammates. I have witnessed their pain firsthand; they are carrying the heavy burden of survivor's guilt and trauma. Subjecting these young people to harassment and baseless accusations is a secondary tragedy that helps no one.*

*If we truly want to honor the lives lost, let us channel our energy into demanding a factual, transparent investigation. Let us be relentless in the pursuit of truth, but let us be compassionate in our treatment of the survivors. Justice is not served by mob mentality; it is secured through evidence, patience, and our shared humanity.*

*The opinions expressed in this article are solely the author's and do not reflect the opinions or beliefs of the publication.*

## Editorial: The Ateneo incident survivors



ATTY. GILBERTO LAUENGCO

As an alumnus and long-time faculty member of the Ateneo de Manila University, I feel that I have a unique perspective on the now trending Ateneo incident. I have been asked by my peers why I have not chimed in, being a columnist or amateur journalist. Unfortunately, until the multiple investigations of various agencies have concluded, I feel that I should withhold an opinion piece on the matter of culpability and the main issues of the drowning incident.

Like many people, even fellow alumni and faculty, I too demand accountability for those who have been liable, whether civilly or criminally for the loss of the two lives. I too demand an accounting of how my beloved school handled the entire situation after the incident. There have been many opinion pieces and articles on the matter done by far greater columnists and experts.

As a parent, I can understand (but never fully unless one experiences it too) the grief the parents of Rene Baterbonia and Divine Adili. In this regard, I would like to extend my heartfelt condolences to the families of the two students. No words can suffice.

As a faculty member, I too grieve the loss of the two students. Like all teachers, we feel responsible for all the students in our school, whether we are their direct teachers or not. I too believe that when the facts are established, then those responsible must be punished and if liable, the institution must also be made to do its penance.

As I stated, I will not jump to conclusions unless I have seen the facts of the matter laid out. I am sorry, but that is the lawyer in me. I believe there have been enough conspiracy theories and unfounded allegations going in the air.

Today, however, I would like to say my piece about the two students' teammates. Yesterday, I personally attended the town hall meeting held inside the Ateneo campus. I listened to the three players recounting their experience during those fateful days. As a lawyer and someone who has real-world experience listening to testimonies, I believe that the pain and trauma those kids showed as they told their stories are true. I also watched the podcast hosted by my classmate where she interviewed two other players who also recounted the events from their point of view.

What bothers me is the amount of hatred and bile that some netizens have thrown at these players. I understand where the anger is coming from. I understand why some people would like to weave a story of so-called hazing and bullying into the incident. These stories, however, are just stories without any proof or evidence at this time. These players are survivors and like all survivors, they carry the attendant trauma, self-imposed recriminations, and sadness of all survivors. I have seen this trauma before. As a city official, I once had to speak with survivors of an incident that claimed 58 lives. They too exhibited the same symptoms of what is known as survivors' guilt.

In the said town hall, a student also recounted how he was harassed by strangers for wearing an Ateneo shirt. There were many others who also experienced hate and anger. While understandable, I humbly ask those with so much anger in their hearts to consider the circumstances of the team members who survived.

If we truly want to honor the lives of the two students, let us demand accountability together based on facts and evidence, no matter where the trail leads. Let us suspend hasty judgments, especially against the survivors.

This is just my oblique stand.

Editor's note: The opinions expressed in the foregoing article are solely the author's and do not reflect the opinions and beliefs of the Philippine News Agency (PNA) or any other office under the Presidential Communications Office.

## PGC expands community...

prescribed medicines to quali-fied beneficiaries.

The activity was graced and supported by 5th District Board Member Morit Sison, together with barangay officials, whose presence underscored the collective commitment to improving access to healthcare services in the community.— OPIO

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPERPh MEMBER
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |




## Malasakit Caravan...

ernance Audit (CFLGA) Seal sa mga LGU na nakapasa sa pamantayan ng mahusay na pamamahala para sa kapakanan ng mga bata. Bukod dito, tumanggap din ng Certificates of Recognition ang mga LGU na nagpakita ng kahusayan sa pagpapatupad ng child-friendly governance initiatives.

Kinilala rin ang mga LGU na matagumpay na nakapasa sa 2025 Good Financial Housekeeping (GFH) Assessment, bilang patunay ng kanilang pagsunod sa transparency, accountability, at tamang pamamahala ng pondo ng bayan.

Nagbigay rin ang DILG Tarlac ng Certificates of Appreciation sa mga C/MSWDO at C/MLGOO bilang pagkilala sa kanilang mahalagang papel sa pagpapatupad ng mga programa ng DILG at sa pagpapalakas ng mga inisyatiba para sa mabuting pamamahala sa lalawigan.

Bago ang seremonya ng parangal, pinangunahan ni Governor Yap ang Joint Meeting ng Provincial Peace and Order Council (PPOC), Provincial Anti-Drug Abuse Council (PADAC), at Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict (PTF-ELCAC) para sa ikalawang quarter ng 2026.

Dinaluhan ang pulong ng mga alkalde mula sa 18 bayan at lungsod, kasama ang mga kinatawan ng Philippine National Police (PNP), Bureau of Fire Protection (BFP), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), mga ahensya ng pambansang pamahalaan, at iba pang lokal na opisyal.

Sa kanyang mensahe, pinasalamatan ni Governor Yap ang PNP sa patuloy na pagpapanatili ng Tarlac bilang isa sa mga pinaka-mapayapang lalawigan sa rehiyon. Kinilala rin niya ang mahalagang ambag ng PDEA sa pagpapanatili ng drug-free status ng lalawigan, gayundin ang suporta ng 3rd Mechanized Infantry Battalion at BFP sa pagsusulong ng kapayapaan at kaligtasan ng publiko.

Sa kabuuan, ang awarding ceremony ay nagsilbing patunay ng patuloy na pagsisikap ng mga lokal na pamahalaan at pambansang ahensya sa Tarlac na itaguyod ang mabuting pamamahala, palakasin ang mga institusyon, at higit pang paghusayin ang kalidad ng buhay ng mga Tarlaqueño sa pamamagitan ng epektibo at makataong pamumuno.

## MPTC Promotes Responsible...

journeys requires the shared responsibility and cooperation of all road users," said MPTC Chief Operations and Maintenance Officer West Dionisio.

Participants also benefited from free eye screenings and prescription eyeglasses, while Easytrip representatives provided on-site assistance for RFID installation and transaction concerns.

The road safety caravan was conducted in partnership with the Toll Regulatory Board (TRB), the Department of Health (DOH), the Road Safety Division of the Provincial Government of Cavite, the Public Safety and Traffic Management Department of the City Government of Caloocan, One Ayala, and Victory Plaza.

"Kami po sa government ay kaisa ninyo sa pag-maintain ng disiplina at kaligtasan sa kalsada. Bilang mga professional drivers po, palagi po nating isipin na aalis tayo para maghanapbuhay para sa ating mga pamilya, kaya palagi nating siguraduhing ligtas tayong uuwi sa kanila. Para po masiguro ito, kailangan natin ng disiplina, pasensya, at awareness sa kalsada," said TRB Regulation Division Chief Joz Carlos Ordillano.

A key session facilitated by TRB Regulation Division Chief Joz Carlos Ordillano tackled common traffic violations among buses, trucks, public utility vehicles (PUVs), and motorcycles — these include speeding, improper lane use, unsafe overtaking, tailgating, distracted driving, and overloading. He also highlighted how some driving habits, while often considered routine, can create safety risks for motorists and commuters alike.

To make learning more engaging, participants took part in a driving simulator experience, drunk goggles challenge, and an interactive road safety quiz.

"Maraming salamat po sa pamunuan ng MPTC sa pag-oorganisa ng BiyaHero Caravan. Marami po kaming mga bagong natutunan at napaka-lively ng mga activities. Marami kaming natutunan sa mga lectures ng mga resource speakers," said transport company United Twelve Corporation President Rizalino Villaraza.

Beyond the caravan, MPTC continues to promote road safety through its year-round Mission Road Safety program, which includes the Usapang Driver seminar for partner companies and transport groups, Kaligtasan sa Daan (KalSaDa) initiative for partner communities and neighboring barangays, and Cebu Cordova Link Expressway Corporation's (CCLEC) Istorya Ta Bai! advocacy program, which encourages safe driving habits and awareness of CCLEX's safety features.

MPTC also continues to amplify road safety messages through the digital platforms of NLEX Corp., MPT South, and CCLEC, reaching motorists with information on proper expressway driving, traffic regulations, vehicle roadworthiness, and travel preparedness.

Through the years, MPTC has institutionalized its multi-stakeholder road safety initiatives across its expressways network in Luzon and Visayas— NLEX, SCTEX, NLEX Connector, CALAX, CAVITEX, CAVITEX C5 Link, and CCLEX — earning recognition from both local and international organizations.

By NLEX Corporation

## BPIA at mga Partner...

line partners to anticipate challenges, align strategies, and ensure that Bohol remains a reliable, competitive, and attractive gateway for travelers. The strongest destinations are those built on collaboration, adaptability, and a shared long-term vision." The Strategic Tourism Dialogue was organized to encourage the exchange of market intelligence, operational insights, and emerging travel trends while identifying practical strategies that will strengthen the resilience of Bohol's tourism ecosystem. The initiative reflects Aboitiz InfraCapital Airports' commitment to fostering stronger partnerships across the tourism value chain and creating coordinated responses to external economic pressures that affect regional growth.

"Bohol's strength as a destination extends far beyond its natural attractions. It is anchored on the collective commitment of our tourism stakeholders to continuously innovate and work together," said Joanne Pinat of the Bohol Provincial Tourism Office.

